**Pamagat**: Ang Dakilang Grasya na Nagaalis ng Kasalanan

**Texto**: Isaiah 43:25 "I, even I, am he that blotteth out thy transgressions for mine own sake, and will not remember thy sins."

*Pagsasalin*: Ako, ako nga ay siyang pumapawi (nagaalis o nagtatanggal) ng iyong mga pagsalangsang alang-alang sa akin; at hindi ko aalalahanin ang iyong mga kasalanan.

**Panimula**:

1. Ito ay mga salita ng kaginhawaan at pangako ng kapatawaran.
2. Ang bansa ng Israel ay hindi lamang tutulangan ng Dios mula sa pagbalik nila sa bihag ng Babylon, pero pati narin ang pagtataguyod ng Dios ng Kanyang kaharian para sa mga Hudyo, sa hinaharap nila (Millennial Kingdom).
3. At itong mga salita ng kaginhawaan at pangako ang bibigyan nating pansin ngayon.

I. **Ang Dakilang Dios ng Kaligtasan**: (v.25 – "I, even I…")

1. Itong pananalita ay ang pagbibigay diin na ang Dios mismo ay ang may akda ng Kaligtasan.
2. Handa Siyang magpatawad.
3. Hindi tayo ligtas dahil sa ating sarili, hindi rin dahil kaanib tayo sa iglesia o simbahan.
4. Tayo ay ligtas dahil lamang sa Dios; sa gawa at sakripisyo ng Panginoong Jesus.
5. Hindi tayo tumitingin sa iba pa, hindi tayo umaasa sa iba upang tayo ay maligtas. Si Jesus lamang ang daan. "I, even I" – ang kalikasan ay gawa ng Dios, at ang kaligtasan ay gawa ng Dios.
6. "For mine own sake" – alang-alang sa akin.

II. **Ang Dakilang Larawan ng Kaligtasan**: (v.25 "blotteth out thy transgressions")

1. "blotteth out" – bura or erase.
2. Parang may utang tayo, at kinuha ng Dios ang ating "bill" at binayaran niya ito. Ano ang epekto?
3. Noong namatay ang Panginoong Jesus sa crus ng Calvary, tinanggal ng kanyang dugo ang mantsa o batik ng ating mga kasalanan.
4. Dakila ang gawa ng Panginoong para sa atin. Ito ang gamot na kailangan ng ating kaluluwa. At maari itong sumaiyo, kung ikaw ay magsisi at sumampalataya kay Jesu-Cristo.
5. Ano ang tinggal ng Dios, o binura ng Dios? Ating mga kasalanan. "Transgressions" – revolution, rebellion, trespass. Hindi lamang ang ating mga makasalanang gawa pati narin ang ating makasalanang kondisyon. Kaya hindi rebelde ang mga Christiano sa Panginoon, dahil ang lunas ay nasa dugo ng Panginoong Jesus – tinaggal niya ay mantsa ng ating pagiging rebelde sa Kanya.

III. **Ang Dakilang Pangako ng Kaligtasan**: (v.25 – "…will remember not thy sins.")

1. At hindi Ko na aalalahanin ang iyong mga kasalanan.
2. Hindi Niya sinabi na Kalilimutan Niya ang ating mga kasalanan, ang pwersa ng v.25 ay ang pangako na hindi niya muling alalahanin ang mga ito. Hindi niya ito ibabalik at ipapatong ulit sa atin.
3. At ito ay dahil, or ang basihan nitong pangako ay: "Alang-alang sa Akin."

**Katapusan**:

1. Maaring dakila sa iyong pananaw ang iyong mga pagkukulang at pagkakamali at pagkakasala, pero mas dakila ang gawa ng Dios upang tanggalin ang ating mga sala.
2. Kaya alam natin na tayo ay pinatawad na ng Dios, ay tinanggap natin sa ating puso ang Christo ng Dios. Siya ay ating Tagapag-tubos.
3. Tumawag ka na ba sa pangalan ng Panginoon upang humingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan? Ano ang kondisyon ng iyong kaluluwa? Rebelde ka pa ba sa Dios?
4. Nawa sa tulong ng Banal na Espiritu at sa grasya ng Dios, isuko mo na sa Kanya ang iyong pakikibaka.
5. Handa ang Dios na magligtas. Handa siyang magpatawad. Handa siyang tumanggap sa iyo, kung ikaw ay magsisi at sumampalataya sa magandang balita na ito. Tanggapin mo siya, at alang-alang kay Jesus, tatanggapin ka ng Dios.